Fred Hutchinson Cancer Center
University of Washington

Maikling Form ng Pahintulot para Lumahok sa Isang Pananaliksik na Pag-aaral

Numero ng Protocol: _____

Pangalan ng Pangunahing Imbestigador: _____

Kung ikaw ang tumatayong legal na awtorisadong kinatawan o isang magulang/guardian na nagbibigay ng pahintulot sa isang bata sa pag-aaral na ito, ang mga salitang "ikaw" at "iyong" ay tumutukoy sa taong binibigyan mo ng pahintulot bilang magulang.

Hinihiling sa iyong lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Hindi ka dapat magmadali sa pagpapasya kung ikaw ay lalahok sa pag-aaral. Maaari mong talakayin ang iyong mga opsyon sa kahit na sinong pipiliin mo.

Bago ka magpasya kung lalahok ka o hindi, ipapaliwanag namin:

1. Ang pangunahing impormasyon tungkol sa kung bakit maaari mong gustuhin o hindi gustuhing lumahok sa pag-aaral;
2. Kung bakit isinasagawa ang pag-aaral, ano ang mangyayari sa panahon ng pag-aaral, at gaano katagal ang pag-aaral;
3. Kung anong mga pamamaraan ang sinisiyasat pa lamang;
4. Ang mga nakikinitang panganib, kawalan ng ginhawa, at kapakinabangan ng paglahok sa pag-aaral;
5. Ang anumang posibleng makakatulong na alternatibo sa paglahok sa pag-aaral; at
6. Kung paano poprotektahan ang iyong pagkapribado at pagiging kumpidensyal.

Kapag naaangkop ipapaliwanag din namin:

1. Ang anumang maibibigay na bayad o medikal na paggamot kung mapipinsala ka sa pag-aaral;
2. Ang mga pagkakataon ng mga panganib na hindi pa namin nalalaman;
3. Kung bakit maaari kang alisin sa pag-aaral;
4. Ang anumang mga gastos sa paglahok sa pag-aaral;
5. Kung ano ang mangyayari kung magpasya kang umalis sa pag-aaral;
6. Kung kailan mo malalaman ang tungkol sa mga bagong natuklasan na kaugnay sa pag-aaral;
7. Kung ilang mga tao ang nakaplano para sa pag-aaral;
8. Kung paano gagamitin ang iyong impormasyon at mga biospecimen (gaya ng dugo o tissue) para sa pag-aaral at sa pananaliksik sa hinaharap, at kung may matatanggap ka mula sa kikitain sa mga produktong nabuo gamit ang iyong mga biospecimen;
9. Kung maaaring isagawa ang buong genome sequencing sa iyong mga biospecimen;
10. Kung ibabahagi sa iyo ang mga resulta ng pananaliksik tungkol sa iyo o sa iyong kalusugan; at
11. Ang anumang mga opsyonal na pag-aaral na maaaring hilingin sa iyo na lahukan mo.

Dagdag pa rito, kung iniaatas na i-post ang pag-aaral sa clinicaltrials.gov, ipapaliwanag namin na:

Isang paglalarawan ng klinikal na pagsubok na ito ay makukuha sa *http://www.ClinicalTrials.gov*, tulad nang iniatas ng Batas ng Estados Unidos. Ang Web site na ito ay hindi magsasama ng mga impormasyon na magpapakilala sa iyo. Sa karamihan, isasama ng Web site ang isang buod ng mga resulta. Maaari mong hanapin ang Web site anumang oras.

Ang iyong mga karapatan

Hindi mo kailangang lumahok sa pag-aaral na ito. Malaya kang sumagot ng oo o hindi. Kung lalahok ka sa pag-aaral na ito, hindi mo kailangang manatili rito. Maaari kang huminto sa anumang oras (kahit bago ka pa magsimula). Walang kaparusahan sa pagsasabi ng hindi o paghinto. Ang iyong regular na pangangalagang medikal ay hindi magbabago.

Kung ikaw ay magkakasakit o masasaktan sa pag-aaral na ito, hindi mawawala sa iyo ang anuman sa iyong mga legal na karapatan na humingi ng kabayaran sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito.

Kung papayag kang lumahok, bibigyan ka ng kopya ng form na ito at isang kopya ng form ng pahintulot para sa pag-aaral na nasa wikang Ingles.

Para sa karagdagang impormasyon

Maaari kang makipag-ugnayan sa pangunahing tagapagsiyasat na si _____ _____ sa _____ anumang oras na ikaw ay may mga katanungan tungkol sa pag-aaral o isang pinsala na may kaugnayan sa pag-aaral.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Director ng Institutional Review Office sa Fred Hutchinson Cancer Center, sa numero ng telepono 206.667.5900 o sa pamamagitan ng email sa irodirector@fredhutch.org, kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan bilang kalahok sa pananaliksik.

Lagda

Kung ikaw ay lalagda sa form na ito, nangangahulugan ito na nailarawan namin ang pag-aaral sa iyo, at ikaw ay kusang-loob na pumapayag na lumahok.

_____ _____

Naka-print na Pangalan at Lagda ng Kalahok Petsa
O Legal na Awtorisadong Kinatawan, kung naaangkop

_____

Relasyon ng Legal na Awtorisadong Kinatawan sa Kalahok, kung naaangkop

_____ _____

Naka-print na Pangalan at Lagda ng Tagapagsalin/Saksi Petsa